Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-26 NG HUNYO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 167-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG HALAGANG WALUMPU'T WALONG LIBO DALAWANG DAAN TATLUMPUNG PISO (P88,230.00) BILANG KARAGDAGANG BADYET NG PAMAHALAANG BAYAN UPANG MAGSILBING KAPUPUNAN (AUGMENTATION) AT MAGAMIT BILANG KARAGDAGANG PONDO PARA SA MGA GASTUSIN SA PALARONG PAMBAYAN 2002.*

*SAPAGKA'T*, inhiharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapagpatibay ng karagdagang badyet ang pamahalaang bayan na nagkakahalaga ng P88,230.00 bilang kapupunan at karagdagang pondo para sa mga gastusin sa Palarong Pambayan 2002;

*SAPAGKA'T*, may patunay ang Pambayang Ingat-Yaman na ang naturang pondo ay kasama sa pondo sa Mentinansiya at Iba pang gugulin ng Tanggapan ng Punong Bayan na nakalaan sa mga Iskolar upang magsilbing kapupunan at karagdagang halagang magagamit para sa mga gastusin sa Palarong Pambayan 2002.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang sumusunod na:

KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 08-T'2002

*KAUTUSANG PINAGITIBAY ANG HALAGANG WALUMPU'T WALONG LIBO DALAWANDAAN TATLUMPUNG PISO (P88,230.00) BILANG KARGDAGANG BADYET NG PAMAHALAANG BAAN SA TAONG ITO UPANG MAGSILBING KAPUPUNAN AT MAGAMIT BILANG KARAGDAGANG PONDO PARA SA MGA GASTUSIN SA PALARONG PAMBAYAN. 2002.*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Iliwat at ilaan ang halagang P88,230.00 mula sa pondo sa Mentinansiya at Iba pang Gugulin ng Tanggapan ng Punong Bayan na nakalaan sa mga Iskolar upang magsilbing kapupunan at karagdagang pondo para sa mga gastusin sa Palarong Pambayan 2002, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN:* Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. PURITA P. SARMIENTO
Kagawad

KGG. JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

7/1/02